KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 42 BILANG 7 | BASAHIN AT TALAKAYIN | HULYO 2022

EDITORYAL

# Puspusang labanan ang panunumbalik ng mga Marcos at kanilang kroni sa estado-poder!

Ang panunumbalik ng mga Marcos sa Malakanyang at lumalakas na tunguhing militarista at pasista ng reaksyunaryong gubyerno ay manipestasyon ng malubhang pagkabulok at malalim na krisis ng lipunang malakolonyal at malapyudal sa Pilipinas. Binasbasan ng naghaharing uri si Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. bilang pangunahin nilang kinatawan sa reaksyunaryong estado at tagapagtanggol ng kanilang interes. Sa ganito, nakatitiyak ang imperyalistang US at ang lokal na mga naghaharing uri ng malalaking kumprador, panginoong maylupa at burukrata na maipagpapatuloy ang mga anti-mamamayan at pro-imperyalistang kalakaran ng mga nagdaang administrasyon habang pinatitindi ang kahirapan sa bansa.

Mistulang mga hunyangong nagsisipalitan ng anyo at kulay ang mga pulitiko at oligarko na sumusuporta sa rehimeng Marcos II. Nagbalik-loob sa pamilya Marcos ang mga dating kroni na nagtraydor sa kanila matapos ang Pag-aalsang EDSA I. Pinakatampok sa mga ito si Juan Ponce Enrile, ang tagapagpatupad ng Martial Law ng matandang Marcos na ngayon ay *legal adviser* ng batang Marcos. Pati ang mga "dilawang" pulitiko at oligarko ay naglipat-bakod patungo sa mga Marcos. Nakipagsanib-pwersa sila kay Marcos Jr. sa ilalim ng islogang "pagkakaisa". Ilan sa mga ipinasok ni Marcos Jr. sa kanyang malapit na sirkulo ang mga kroni at oligarkong sina Aboitiz, Villar, Estrella, Razon at Gokongwei kasama ang mga naging kroni ng kanyang ama na sina Lagdameo-Floirendo, Ongpin at Zobel-Ayala. Kasuklam-suklam ang isinagawa nilang "*victory party*" matapos lumabas ang panimulang datos ng dinayang eleksyon noong Mayo 9.

Sa ilalim ng rehimeng Marcos II, muling mamayagpag ang mga pinaborang kroni sa pandarambong sa likas na yaman ng Pilipinas. Pinagparte-parte na nila ang iba't ibang sektor ng ekonomiya: binigyang luwag si Enrile sa kanyang mga konsesyon sa troso at pagmimina; nakopo na ni Villar ang *real estate*; nakapwesto naman ang



KALATAS

*Hulyo 2022*
*TOMO 42 BILANG 7*

NILALAMAN


*1* *Puspusang labanan ang panunumbalik ng mga Marcos at kanilang kroni sa estado-poder!*

*4* *Posible ba ang P20/kilong bigas sa ilalim ng rehimeng Marcos II?*

*6* *Pekeng pagpapasuko, bigong ihiwalay ang mamamayan sa rebolusyon*

*7* *Fact-finding mission sa Batangas, hinaras ng 59th IB*

*8* *Apat na sibilyan sa Batangas at Mindoro, pinatay ng teroristang AFP-PNP*

*9* *Mamamayan ng TK, lumahok sa protesta laban sa unang SONA ni Marcos Jr.*

*10* *59th IB at PNP-CALABARZON, naghasik ng lagim sa Batangas*

*11* *Mga Mindoreño, nagprotesta laban sa matatagal na brownout*

*11* *Kultura:Graduate ng Pulang Paaralan*


*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

mga Aboitiz sa Department of Energy at nakaambang makakuha ng mga kontrata sa mga proyektong pang-enerhiya; at papakinabangan ni Floirendo ang proyektong *mega farms* ng rehimeng Marcos II.

Kailangan din ni Marcos Jr. ng mga sunud-sunuran mula sa iba't ibang dinastiyang pulitikal upang tiyakin ang tiranikong paghahari ng kanyang ilehitimong rehimen. Ang mga malapit na kaibigan ng kanyang pamilya na ipinasok sa kanyang gabinete ay sina Susan Ople (Department of Migrant Workers), Anton Lagdameo (Special Assistant to the President) at Enrique Manalo (Department of Foreign Affairs). Niresiklo niya naman ang mga alipores ni Duterte na sina Crispin Remulla (Department of Justice), Jose Calida (Commission on Audit), Menardo Guevarra (Office of the Solicitor General), Benjamin Diokno (Department of Finance), Gen. Jose Faustino (Department of National Defense) at iba pa.

Tiniyak din ni Marcos Jr. na magpapatuloy ang papel ng Kongreso bilang *rubberstamp*. Sa Kamara, nahalal na House Speaker si Martin Romualdez na kaanak ni Imelda Marcos at House Speaker senior deputy majority leader naman ang anak ni Marcos Jr. na si Ferdinand Alexander "Sandro" Marcos. Itinalaga namang Senate President si Juan Miguel Zubiri. Sa unang buwan pa lamang ni Marcos Jr., iniratsada sa Kongreso ang mga pasistang panukalang batas kagaya ng NTF-ELCAC bill at *mandatory* ROTC bill. Isinusulong din ang mga neoliberal na patakaran kagaya ng Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises (CREATE) Law, mga pag-aamyenda sa Public Service Act at Foreign Investment Act. Higit na pakikinabangan ng kanyang mga kroni at oligarko ang Public-Private Partnership lalo't ang pondo nito ay batbat ng korapsyon.

Kasabay nito, walang kahihiyang ipinalalaganap din ni Marcos Jr. ang islogang "*time to heal*" bilang paghuhugas-kamay sa krimen ng pamilya nito sa panahon ng Martial Law. Ginagamit nito ang lahat ng mga makinarya ng estado upang sistematikong burahin sa kasaysayan at baluktutin ang pinakamadilim na mga pangyayari sa ilalim ng Martial Law ng diktadurang US-Marcos Sr. Nagmamaniobra rin ang gahamang pamilya upang muling bawiin ang ilan sa mga sinekwester sa $10 bilyong nakaw-na-yaman ng mga Marcos. Noong 2019, na-dismiss na sa Sandiganbayan ang P102 bilyong *civil forfeiture case* ng mga Marcos at kroni nito. Inabswelto rin si Imelda Marcos sa pagkakabilanggo. Sa ngayon, pumupostura ang mga Marcos na buwagin ang Presidential Commission on Good Government na nag-imbestiga sa kanilang nakaw-na-yaman.

Samantala, ituturing na "kalaban ng estado" ang lahat ng hindi nagpapailalim sa pekeng islogan ng "pagkakaisa" ng mga Marcos. Nagpapatuloy ang *red-tagging* at panunupil sa mga aktibista, progresibo, makabayan, kritiko at oposisyon, lalo sa mga tumututol sa ilehitimong rehimen at patuloy na naglalantad sa mga anomalya ng nagdaang eleksyon. Ginagawa silang target ng kampanyang panunupil ng estado. Katunayan, ang mga protesta ng bayan sa inagurasyon at unang State of the Nation Address (SONA) ni Marcos Jr. ay tinapatan ng laksang pwersa ng mga pulis. Desperadong pakana ito upang patahimikin ang nagngangalit na boses ng bayang humihiyaw ng katarungan at demokrasya.

Ang pagkontrol sa gubyerno at pagbabalik ng awtokratikong paghahari ng mga Marcos at Duterte sa Pilipinas ang tunay na mukha ng kanilang islogang "pagkakaisa". Ngunit sa kabila nito, hindi kayang pagtakpan ang mga lumilitaw na alingasngas sa kanilang hanay, lalo sa pagitan ng dalawang sakim at uhaw-sa-kapangyarihang mga

pamilyang Marcos at Duterte. Bago ang inagurasyon ni Marcos, unang inilugar ang proklamasyon ni Sara Duterte-Carpio bilang bise presidente. Taliwas sa kagustuhan ni Sara Duterte-Carpio na maging kalihim ng DND, itinalaga siya ni Marcos Jr. bilang kalihim ng Department of Education. May ilan ding mga kroni tulad nina Ramon Ang, Cojuangco-Aquino at Lucio Tan na nasa proseso pa ng pakikipagnegosasyon kay Marcos Jr. dahil may mga pinag-iintresang sapi ang pamilya ng huli sa mga negosyo ng mga nauna sa San Miguel Corporation, PLDT at industriya ng tabako. Sa kabilang banda, ginigipit ang mga kalaban sa pulitika at negosyo tulad ng mga Lopez na hinaharangan ang mga pagsisikap na muling makabalik sa ere ang ABS-CBN.

Pasismo at pandaraya para nakawin ang boto ng eleksyon noong Mayo 2022 ang pundasyon ng marupok na rehimeng Marcos II. Habang umiigting ang tunggalian sa hanay ng mga nagriribalang paksyon sa pulitika, binabayo ang bayan ng malubhang krisis na minana sa korap na pamamalakad ng naunang administrasyong Duterte. Dumoble na ang utang ng bansa na umabot sa halos P13 trilyon mula noong 2016. Hindi na makayanan ng sambayanan ang patuloy na tumataas na presyo ng langis at pangunahing bilihin. Patuloy ang pandarambong at panghihimasok ng imperyalismong US at China sa likas na yaman at teritoryo ng Pilipinas. Sa ganito, walang batayan ang pahayag ni Marcos II na "malusog" ang kalagayan ng ekonomiya sa kanyang unang SONA.

Nararapat na palakasin ng mamamayan ang kanilang pagkakaisa at pampulitikang inisyatiba laban sa ilehitimong rehimeng Marcos II. Igiit ang kanilang demokratikong karapatan sa lupa, sahod, trabaho at serbisyong panlipunan. Kundenahin ang labis na kapabayaan at pagbabale-wala ng estado sa hinaing ng




mamamayan. Patuloy na ipaglaban ang pagbabawi sa ninakaw-na-yaman ng mga Marcos.

Ilunsad ang iba't ibang anyo ng paglaban sa ilehitimong rehimeng Marcos II. Patuloy na ilantad ang mga anomalya sa nagdaang eleksyon at igiit ang isang sistema ng eleksyon na bukas sa pagkilatis ng publiko para protektahan ang bawat boto ng mamamayan mula sa elektronikong manipulasyon at malawakang pandaraya.

Marubdob na labanan ang pekeng balita at disimpormasyong ikinakalat ng estado upang labusawin ang katotohanan. Tuligsain ang mga kasinungalingan at ilantad ang katotohanan sa kasaysayan ng Martial Law na nais baguhin ng pamilya Marcos. Masusing pag-aralan ang kasaysayan at maglunsad ng malawakang kampanyang edukasyon upang labanan ang lason sa isip at kasinungalingang ipinapalaganap ng ilehitimong rehimen.

Higit na nagiging paborable ang kundisyon para isulong ang bagong demokratikong rebolusyong bayan bilang tanging solusyon sa kasalukuyang bulok at naaagnas na lipunang malakolonyal at malapyudal. Patatagin at palawakin ang mga organo ng Pulang kapangyarihang pampulitika bilang mga binhi ng demokratikong gubyernong bayan sa kanayunan.

Nararapat salubungin ang unang taon ni Marcos Jr. ng malakas na mga protestang bayan at ng kabi-kabilang opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) upang bigwasan ang pwersa ng AFP-PNP. Ipagtanggol ang interes ng masang api laban sa mga naghaharing uri. Papag-alabin ang diwang mapanlaban ng mamamayan at itaas ang antas ng digmang bayan sa kanayunan. Maglunsad ang mga yunit ng BHB sa rehiyong TK ng mga taktikal na opensiba laban sa nag-ooperasyong yunit ng AFP-PNP at parusahan ang mga kumpanya at kapitalista sa likod ng mga mapanirang proyekto lalo ang mga pagmamay-ari ng mga kroni ng pamilyang Marcos.

Puspusang makibaka sa gitna ng mga kahirapan at balakid sa isinusulong na matagalang digmang bayan. Sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, determinado ang mga rebolusyonaryong pwersa na ihatid ang rebolusyon hanggang sa tagumpay gaano man katagal para kamtin ito. K

# Posible ba ang P20/kilong bigas sa ilalim ng rehimeng Marcos II?



Pangahas na nangako si Ferdinand "Bongbong" Marcos II sa mamamayang Pilipino na ibababa niya ang presyo ng bigas tungong P20 kada kilo noong kampanyahan sa eleksyong 2022. Ngayong nakapwesto na sa Malacanang, sinisingil siya ng taumbayan sa kanyang pangako. Kahit itinalaga niya ang kanyang sarili bilang bagong kalihim ng Department of Agriculture (DA), walang naaaninag na plano para maibaba ang presyo ng bigas o tayang panahon man lang kung kailan maipatutupad ang presyong P20/kilo.

**Produksyon ng butil**

Malaon nang batbat ng problema ang bawat bahagi ng produksyon ng bigas at sirkulasyon nito sa merkado na nagbubunsod ng pagtataas ng presyo. Lansakan itong pinabayaan ng estado, kasama ng buong sektor ng agrikultura. Katunayan, tumatanggap lamang ng abereyds na 3.6% ng pambansang badyet kada taon ang sektor sa ilalim ni Duterte.

Naglalaro sa 4.8 milyong ektarya ang lupang tinatamnan ng palay sa bansa, maliit kumpara sa 7.5 milyon sa Vietnam at 10.5 milyon sa Thailand. Tinatayang 3.8 milyong magsasaka at manggagawa sa agrikultura ang lumalahok sa pagsasaka ng palay hanggang sa pagpoproseso rito tungong bigas.

Mayorya sa mga magsasaka ng palay ay walang sariling lupa, kagamitan sa produksyon at nakukuba sa taas ng gastos sa produksyon lalo na ng mga binhi at kemikal na *input*. Kumpara sa Vietnam at Thailand kung saan may subsidyo at insentibo para sa pagsasaka ng palay, halos walang suporta ng estado ang mga magsasakang Pilipino. Limitado pa ang irigasyon at walang pampublikong pasilidad para sa pagpoproseso ng palay. Sa ganito naging kalakaran na sa mga magsasaka ang pangungutang sa napakataas na interes (usura) para tustusan ang pagtatanim ng palay.

Hindi na nababawi ng magsasaka ang gastusing ito pagkabenta ng palay dahil sa mababang presyo nito sa linang o *farmgate*. Napakababa ng presyong itinatakda ng mga *trader* at pati ng reaksyunaryong gubyerno sa pamamagitan ng National Food Authority (NFA). Naglalaro sa P15-P18 ang presyo ng palay sa *farmgate* sa buong bansa. Pasok dito ang *buying price* ng NFA—P17 kada kilo na ipinatupad sa kalakhan ng panahon ni Duterte.

Dagdag sa mga pasakit na ito ang epekto ng mga kalamidad tulad ng tagtuyot at bagyo na pinalubha ng pagbabago sa klima (*climate change*). Tinatayang $10 bilyon o P506.1 bilyon ang pinsalang natamo ng agrikultura sa nakaraang dekada bunsod ng *climate change* ayon sa Department of Finance.

Sa kabila ng pagiging hiwa-hiwalay, atrasado at pre-industriyal ng pagsasaka sa Pilipinas, itinuturing pa rin itong isa sa pinakamalaking prodyuser ng bigas sa buong mundo. Sa pagtatapos ng 2018, inulat ang sarplas na 2.7 milyong metriko tonelada ng bigas sa bansa. Samakatuwid, malaki ang potensyal ng bansa na sustentuhan ang sariling pagkaing butil kung determinado ang estado na gawin ito.

Kung kaya't kabalintunaan na sa ganitong kapasidad ay isinabatas ang Rice Liberalization Law (RLL) noong Pebrero 2019. Ibinandila ng rehimeng Duterte ang liberalisasyon ng importasyon ng bigas bilang solusyon sa tumataas na presyo ng bigas sa pamilihan. Nasa P42.80 ang abereyds na presyo kada kilo ng bigas noong 2018, higit P3 sa P39.52 noong 2017, ayon sa Philippine Statistics Authority.

Idinidikta ng imperyalismo sa anyo ng Agreement on Agriculture ng WTO ang higit pang liberalisasyon ng industriya ng bigas sa bisa ng RLL. Talo rito ang mga magsasaka dahil lalong binarat ang presyo ng kanilang palay sa pagbaha ng murang *imported* na bigas sa pamilihan. Sa Mindoro, sumadsad ito sa P12, lampas kalahati lamang ng tinatayang gastos sa produksyon ng kada kilo ng palay.

Sa datos ng reaksyunaryong gubyerno, pinalalabas na napababa ng RLL ang presyo ng bigas ng halos P3 mula 2019, subalit kung tutuusin, mas maraming mahihirap ang nagdusa dahil dito. Mula nang maisabatas ang RLL, nawalan ng otoridad ang NFA na lumahok at pangasiwaan ang komersyal na bentahan ng bigas. Resulta nito, nawala sa merkado ang P27 kada kilong NFA *rice*, at naging "pinakamura" na ang P38/kilong *regular milled rice* na mas mahal ng P11 sa NFA rice.

**Ang mga nakikinabang sa mataas na presyo ng bigas**

Malinaw sa kabiguan ng importasyon na hindi sapat ang simpleng pagpaparami ng suplay ng bigas sa pamilihan para gawin itong abot-kaya. Hangga't kontrolado ng mga sakim na korporasyon sa agrikultura, malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa (MBK-PML) at ng mga *trader-miller* ang produksyon ng palay hanggang pagbebenta ng bigas ay

mananatiling mahal ang batayang pagkain ng mga Pilipino.

Sa pagsasaka pa lamang, mataas na ang gastos ng masang magsasaka dahil sa pyudal na monopolyo sa lupa at malapyudal na pagsasamantala. Malaking bahagi ang kinokopo ng mga tradisyunal panginoong maylupa at ng mga komersyante-usurero sa anyo ng ipinapataw na upa sa lupa, usura at manipulasyon sa pagpipresyo ng mga produktong bukid. Sa kabilang banda, nagpapasasa sa dambuhalang ganansya ang mga kumpanya sa pataba, pestisidyo at mga *input* sa pagtatanim kabilang ang binhi. Sa isang kasong aralin sa Occidental Mindoro noong 2015, aabot sa 20-36% ng gastos sa produksyon ang nakalaan sa pataba habang 3.85-6.75% ang para sa pestisidyo.

Tumatabo naman ng malaking ganansya ang mga *trader-miller* lalo na sa kalakarang binabarat nila ang presyo ng palay sa *farmgate* pero mataas ang presyo ng bigas sa merkado. Sila ang namamahala sa pagsasabigas ng palay at pagdadala ng bigas sa pamilihan. Labis-labis ang linis nilang kita dahil pinapatungan nila ang bawat bahagi sa produksyon.

Isa pang problema na dapat sawatain ay ang paglikha ng artipisyal na kakapusan para itulak ang pagtataas ng presyo ng bigas. Sa Pilipinas, iniipit ang suplay ng bigas ng mga kartel sa bigas para itulak ang presyo ng butil pataas at bigyang katwiran ang pag-iimport ng mas murang bigas na ibebenta naman nila nang mahal sa pamilihan.

**Ambisyong "*mega farm*"**

Bukod sa importasyon, nagpapakana ang Department of Agrarian Reform (DAR) sa ilalim ni Marcos II ng isang engrandeng programa para lutasin ang problema sa bigas. Noong Hunyo, inihain ni DAR Sec. Bernie Cruz ang "Programang Beinteng Bigas para sa Mamamayan" (PBBM) na naka-angkla sa Mega Farm Project, isang iskema ng pagkokonsentra ng hiwalay na sakahan para taniman ng iisang uri ng produkto.

Ang isang *mega farm* ay may pinakamababang 50 ektarya. Tatanggap umano ito ng suporta mula sa gubyerno tulad ng pondo para sa irigasyon, imbakan, distribusyon ng mga *input* at kalsadang *farm-to-market*. Sa kwentada ng DAR, kung may 150,000 ektarya ng lupa sa ilalim ng *mega farm* ay kakayaning magprodyus ng 142 kaban kada ektarya sa isang anihan.

Ipinapanukala ni Cruz na ipailalim sa *mega farm* ang mga benepisyaryo ng huwad na repormang agraryo ng GRP (*agrarian reform beneficiaries* o ARB), na aniya'y hirap namang magmantine ng lupa dahil sa mahal ng gastos sa produksyon ng palay. Ikokonsolida ang mga titulo ng lupa at maaaring bumuo ng kooperatiba o samahan na kakatawan sa *mega farm*.

Nababalot sa mabubulaklak na salita ang *mega farm*, pero sa kaibuturan, ito'y isang iskema ng panibagong rekonsentrasyon ng lupa sa mga PML at pagbawi sa lupang natanggap ng mga benipisyaryo ng huwad ng repormang agraryo. Ambisyoso rin ang target na 142 kaban lalo't atrasado ang produksyon sa bansa. Sa karaniwan, maksimum na ang 80 kaban na ani kada ektarya. Para maabot ang 142 kaban, kailangan ang maramihang paggamit ng kemikal na *input* na magpapasirit sa gastos sa produksyon ng magsasaka. Ang mataas na gastos sa produksyon ng palay ay higit na magtutulak para pumaimbulog ang presyo ng bigas sa pamilihan.

Sasairin ng *mega farm* ang sustansya ng lupa hanggang masira ito sa dami ng kemikal. Katulad ito ng Masagana 99 ng matandang Marcos na nagtali sa mga magsasaka sa utang at pagiging dependyente sa mga produktong agro-kemikal. Pinatunayan na sa kasaysayan na hindi sustenable ang ganitong klase ng programa at hindi garantiya ng pagtaas ng produksyon ng bigas ng bansa.

Sadyang binulok at pinabayaan ang industriya ng bigas sa bansa para sa kapakinabangan ng imperyalismo, MBK-PML at mga burukrata. Hindi ito magbabago bagkus ay sisidhi sa ilalim ng rehimeng Marcos II. Gaya ng mga nauna sa kanya, papet ng imperyalismo si Marcos II kaya't masugid siyang magpapatupad ng mga neoliberal na patakaran. Patuloy ding ipagkakait ang tunay na repormang agraryo sa masang magsasaka at pananatilihin ang atrasado, agraryan at pre-industriyal na ekonomya ng bansa. Imposibleng maging sapat at abot-kaya ang pagkain para sa mahihirap hangga't malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino.

Para matamasa ng mamamayan ang mura at sapat na pagkain, dapat baklasin ang kasalukuyang bulok na sistemang panlipunan sa pamamagitan ng pambansa demokratikong rebolusyon. Susi ang papel dito ng mga tagapaglikha ng pagkain ng bayan, ang mga magsasaka, bilang pangunahing pwersa. Kailangang itaas ang makauring kamulatan ng mga magsasaka, buuin ang kanilang kolektibong lakas at palahukin sila sa digmang bayan.

Lahatang-panig na pinauunlad ang tatlong sangkap ng digmang bayan — armadong pakikibaka, pagtatayo ng baseng bukid at pagsusulong ng rebolusyong agraryo (RA). Ito ang magtitiyak para maibagsak ang kapangyarihan ng panginoong maylupa sa kanayunan at kaalinsabay malansag ang kanilang pyudal na monopolyo sa lupa. Mabilis na hahawanin ito sa hakbang-hakbang na pagtatatag ng Pulang kapangyarihan ng mamamayan sa kanayunan.

Sa pagsusulong ng RA, nilulutas ang malaon nang problema ng masang magsasaka sa kawalan ng lupa at natutugunan ang kanilang demokratikong kahilingan. Sa balangkas ng RA isinusulong ang antipyudal na kilusang magsasaka para labanan ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa anyo ng usura, upa sa lupa, mababang sahod, at iba pa,

hanggang sa maksimum na pangungumpiska sa lupa ng mga MBK-PML at pamamahagi nito nang libre sa mga kulang o walang lupa. Nililikha nito ang paborableng mga kundisyon para sa pagpapaunlad ng agrikultura at produksyon ng pagkain, at higit sa lahat, para sa higit na pagsulong ng rebolusyon hanggang sa pagtatayo ng isang sosyalistang lipunan.

Pinatunayan na ang kawastuhan ng rebolusyon sa China at Vietnam kung saan pinaunlad ng demokratikong gubyernong bayan ang sariling produksyon ng butil. Hakbang-hakbang nilang ipinatupad ang tunay na reporma sa lupa habang inilulunsad ang pambansa demokratikong rebolusyon at nilubos ito pagsapit ng sosyalistang konstruksyon. Pinagkalooban ng lupa ang mga magsasaka, inorganisa sila sa kolektibong pagsasaka at matapos nito, isinulong ang mekanisasyon ng agrikultura na mahigpit na karugtong ng pambansang industrialisasyon. Ito ang siyentipiko at sustenableng paraan upang makamit ang sapat at abot-kayang pagkain para sa buong bayan. K

*LATHALAIN*

# Pekeng pagpapasuko, bigong ihiwalay ang mamamayan sa rebolusyon

Ipinagmamalaki ng Southern Luzon Command ng AFP at ng PNP sa CALABARZON at MIMAROPA ang napakarami umanong sumukong kasapi ng NPA, milisyang bayan, rebolusyonaryong organisasyong masa at mga kadre kuno ng Partido sa Timog Katagalugan. Ang totoo'y resulta ito ng mabangis na kampanyang nagbunga ng mga paglabag sa karapatang tao at ligalig sa mga komunidad.


Sa taong 2021, inulat ng Kalatas na may 368 kaso ng sapilitang pagpapasuko sa rehiyong TK. Bago "sumuko", dumanas ang mga biktima ng pagbabanta, intimidasyon at panlilinlang mula sa militar at mga kasabwat na burukrata sa kampanyang pagpapasuko. Kwento nila, hindi sila pauuwiin mula sa interogasyon kung hindi pipirma sa dokumentong patunay ng kanilang pagsuko at pagbabalik-loob sa gubyerno.

Dinanas ito ng Baryo Matatag sa isang larangan sa TK na ipinundar mula sa tagumpay ng rebolusyong agraryo. Sa ilalim ng rehimeng Duterte, umigting ang kampanyang pagpapasuko at saywar sa lugar. Sinira ng AFP-PNP ang tiwala ng mga residente sa isa't isa.

Nakapagtayo rin ang kaaway ng mga *asset* na pinagkukuhaan ng impormasyon hinggil sa Pulang hukbo at mga rebolusyonaryong organisasyon sa Baryo Matatag. Humantong ito sa panggigipit sa mismong taumbaryo at ilang engkwentro sa pagitan ng AFP-PNP at NPA.

**Pagpupuna at pagbawi**

Matapos tasahin ng kinauukulang Komite ng Partido ang kalagayan ng Baryo Matatag ay agad itong nagpatupad ng hakbangin upang bawiin ang baryo at ireaktiba ang mga organisasyon dito. Naging gabay nito ang linyang masa at bilin ng Partido, "Kapag mamamayan ang nasasangkot, isakatuparan ang hindi marahas na paraan ng paglutas sa mga kontradiksyon, bagkus, masikhay na gawaing pampulitika at pagpupunahan."




Nagpadala ng isang iskwad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) para irekober ang Baryo Matatag. Nag-ingat ang BHB lalo't ramdam sa taumbaryo ang epekto ng saywar at paninira ng mga pasista sa BHB.

"Nilason ng kaaway ang inyong isip. Nawala ang tiwala nyo sa mga kasama, 'natakot' kayo sa amin samantalang dating magkasalo tayo sa pagkain at sa mga gawain. Ang gusto ng mga kaaway ay gamitin kayo laban sa mga kasama at inyong kababaryo," paliwanag ng BHB. "Totoong nagkamali kayo sa pagsuko pero hindi namin kayo parurusahan. Ang kaaway ang tusong nagpakana ng lahat ng ito at kung parurusahan namin kayong lahat ay mahuhulog tayo sa patibong ng kaaway."

Gayunman, inilinaw na isang krimen ang maging kasangkapan ng kaaway sa paniniktik at paglaban sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan. Kailangang harapin ng mga ito ang kanilang kaso sa Hukumang Bayan. Dito tinalakay ang sistema ng hustisya sa loob ng kilusan, ang batayan ng kaso ng mga nasasakdal at ang karampatang parusa ng mga ito.

Pinag-iba ang hatol sa mabibigat at magagaang pagkakasala sa gubyernong bayan. Marami sa mga natukoy na nagpagamit sa kaaway

ngunit mapagpakumbabang umako ng pagkakasala at matapat na nagsisi ay binigyan ng puwang na magbago.

Walang tumutol sa mga taumbaryo sa mga pasya ng Hukumang bayan. Lubos nilang naunawaan at tinanggap ang mga desisyon dahil naging bahagi sila ng proseso. Ikinalugod nila ang pamamaraan ng mga kasama at napatunayang purong paninira ang sinasabi ng militar na gagantihan sila ng NPA dahil sa pagsuko.

**Pagwawasto**

Naging tuntungan ng pagwawasto sa Baryo Matatag ang rebolusyong agraryo (RA) na nagkaloob sa taumbaryo ng lupa. Bahagi ng Hukumang Bayan ang pagbabalik-aral sa kasaysayan ng kanilang pakikibaka para sa lupa at mga tagumpay na tinamasa mula rito. Dekada '80 nang ilunsad ang RA para bawiin ang Baryo Matatag. Magkatuwang ang BHB at taumbaryo sa pagharap sa mga armadong maton at militar na utusan ng panginoong maylupa.

"Kung hindi dahil sa RA, hindi natin mapapakain ang ating pamilya, hindi natin mapag aaral ang ating mga anak at hindi tayo makapagpundar ng kabuhayan. Walang wala ang ilang libo at mga pangakong proyekto ng kaaway kumpara sa mga lupang sakahan na pinaghirapan nating ipaglaban," kwento ng isang nakatatanda sa baryo.

Sang-ayon sa pasya ng Hukumang Bayan, binigyan ng pangalawang pagkakataon ang ilan sa mga nahatulan. Nagsilbing "parusa" ang pagbabalik ng lupang binubungkal nila sa organisasyon at pagpapaloob nito sa komunal na sakahan ng baryo. Lalahok sila sa kolektibong pagsasaka bilang bahagi ng pagpapanibagong-hubog.

Matapos isagawa ang Hukumang Bayan ay nawasak ang pader na tila naghiwalay sa Baryo Matatag at BHB sa ilang panahon. Ginampanan ng bawat isa ang kanya-kanyang bahagi upang magwasto ang mga may kahinaan at nagkasala. Naglunsad dito ng mga pag-aaral, gawaing produksyon at serbisyong medikal kasama ang Hukbo sa gitna ng matinding operasyong militar. Muli ring napagana ang organisasyong masa at nakagampan ang taumbaryo ng mga rebolusyonaryong tungkulin.

Kumalat sa ibang baryo ang balita ng matagumpay na Hukumang Bayan sa Baryo Matatag. Pinawi nito ang takot ng mamamayang napilitang sumuko at binigyan sila ng kumpyansang dumulog sa BHB. Sa katunayan, kusang lumapit sa Hukbo ang mga miyembro ng isang samahang binuo ng AFP-PNP sa katabing baryo para magpuna sa harap ng mga kasama.

Sa pagtalima sa linyang masa, binigo ng rebolusyonaryong kilusan ang imbing pakana ng AFP-PNP sa Baryo Matatag. Hinding-hindi nila mapaghihiwalay ang masa sa kanilang tunay na Hukbo.

BANTAY KARAPATAN

# *Fact-finding mission* sa Batangas, hinaras ng 59th IB

Tinakot at ginulo ng tropa ng 59th IB ang mga grupong nagtatanggol sa karapatang tao na naglunsad ng *fact-finding mission* (FFM) sa Batangas hinggil sa pagkamatay ni Kyllene Casao, 9-taong gulang na bata, at Maximino Digno, magsasakang may kapansanan sa pag-iisip. Pinangunahan ng Karapatan Southern Tagalog (ST) at Tanggol Batangan ang FFM na inilunsad noong Hulyo 30.

Pagpasok ng mga grupong nagtatanggol sa karapatang tao sa probinsya ay sinundan na ng sasakyan ng mga pulis ang karaban ng FFM. Binastos ni Lt. Col. Ernesto Teneza, Jr., Battalion Commander ng 59th IB, ang maikling programa, awit at dasal na inialay ng FFM para kay Kyllene. Nagsisisigaw si Teneza at inalimura ang mga kalahok ng FFM. Maya-maya pa'y dumating na ang mga 6x6 na *truck* at *mobile* na lulan ang mga armadong sundalo't pulis.

Ni-*red-tag* din ni Teneza ang FFM. Nilapastangan nito ang Karapatan ST at tinawag itong teroristang grupo batay sa inimbentong deklarasyon diumano ng "National Terrorism Council". Nagwasiwas pa si Teneza ng pinekeng resolusyon ng Barangay Council na diumano'y hindi tinatanggap ang presensya ng mga grupong Karapatan sa baryo. Napag-alaman na ang nasabing resolusyon ay di pirmado ng mga konsehal ng barangay at tanging lagda lang ng kapitan del baryo ang nakalagay sa pekeng resolusyon.

Sa kabila ng panghaharas ng militar, nagpursige ang mga grupo sa karapatang tao na isulong ang imbestigasyon sa mga krimen sa Batangas. Noong Agosto 1, tumulak ang delegasyon sa kapitolyo at nagtagumpay na makausap si Gov. Hermilando Mandanas. Nangako ang gobernador na susuportahan ang pagtutulak ng sariling imbestigasyon ng LGU katuwang ang Tanggol Batangan, United Nations Children's Education Fund at Children's Rehabilitation Center. Nagpahayag din si Mandanas na magbibigay ng tulong pinansyal at *psychosocial* sa mga pamilyang Casao at Digno.

Sa parehong araw, naghain ang mga progresibong kongresista ng Makabayan Bloc ng resolusyon sa Kamara upang imbestigahan ng House Committee on Human Rights ang mga operasyong militar ng 59th IB.

Mahaba na ang listahan ng mga biktima ng pamamaslang ng 59th IB bago pa ito ilipat sa Batangas. Kabilang dito sina Arnold Buri at Jorge Coronacion, dalawang magsasakang pinatay ng mga pasista noong Nobyembre 2021 sa Sampaloc, Quezon. Nitong Marso, binaril ng isang lasing na opisyal ng 59th IB ang kabataang si Jayr Lasquites, 20, sa Mauban, Quezon.

# Apat na sibilyan sa Batangas at Mindoro, pinatay ng teroristang AFP-PNP

Apat na sibilyan ang pinatay ng mga pwersa ng AFP-PNP na nagsasagawa ng focused military-retooled community support program operations (FMO-RCSPO) sa mga probinsya ng Batangas, Oriental at Occidental Mindoro nitong Hulyo. Kabilang sa mga biktima ang dalawang bata at isang matandang may kapansanan sa pag-iisip.

**Mindoro.** Naganap ang unang kaso sa Sityo Tauga Daka, Brgy. San Vicente, Roxas, Oriental Mindoro noong Hulyo 3.

Sa ulat ng BHB Mindoro, nasugatan ang mga nag-ooperasyong sundalo at pulis sa mga balatik na nakalagay sa lupain ni G. Inyab, isang Mangyan-Buhid. Ang balatik ay katutubong bitag sa paghuli ng baboy-ramo. Sa galit nila, dinahas ng mga pasista si G. Inyab at iba pang residente, subalit nagawang lumaban ni G. Inyab at natigpas ang tenga ng isang sundalo. Walang patumanggang nagpaputok ang 4th IB at PNP-SAF kung saan nahagip at namatay ang isang menor-de-edad (mainam kung nakuha ang pangalan ng napatay na menor-de-edad).

Matapos ang pangyayari, dinakip ng AFP-PNP sina G. Inyab, isang matandang babae at isa pang bata. Dinala sila sa kampo sa Sitio Hingin, Brgy. Lisap, Bongabong. Pinakamasahol, pinalabas ng 203rd Brigade na isang engkwentro sa pagitan ng BHB-Mindoro ang pangyayari. Tinaniman ng armalayt ang pinaslang na menor-de-edad at pinalabas na isang Pulang mandirigma.

Noong Hulyo 15, walang awang pinatay ng teroristang 76th IB sa ilalim ng 203rd Brigade si Kapitan Dante Yumanaw sa Sityo Tiyabong, Brgy. Ligaya, Sablayan, Occidental Mindoro. Idinamay ng mga pasista si Yumanaw nang maka-engkwentro nila ang isang yunit ng BHB Mindoro sa araw na iyon.

**Batangas.** Namatay si Kyllene Casao, 9 taong gulang, sa pamamaril ng 59th IB noong Hulyo 18. Ayon sa independyenteng *fact-finding mission* (FFM) ng mga grupong nagtatanggol sa karapatang tao, binaril sa ulo ang bata habang papatakbo palayo sa mga sundalo. Nangyari ang krimen sa Sentro ng Brgy. Guinhawa, Taysan.

Upang pagtakpan ang kanilang krimen, pinalalabas ng 59th IB na BHB Batangas ang nakapatay sa bata. Sa inimbentong kwento, mayroon umanong dalawang engkwentrong naganap sa pagitan ng BHB at 59th IB: una, sa Sityo Amatong bandang 11:30 ng umaga at ikalawa, sa sentro ng Brgy. Guinhawa bandang 12:00 ng tanghali. Nabaril umano si Casao ng mga umaatras na Pulang mandirigma.

Ang totoo, isang engkwentro lamang ang naganap sa Sityo Amatong bandang alas-12 ng tanghali na tumagal lamang ng 3-5 minuto. Walang nangyaring labanan sa sentro ng barangay, at imposibleng maabot pa ito ng ligaw na bala mula sa Sityo Amatong dahil ilang kilometro at bundok ang nasa pagitan ng dalawang lugar.

Isang linggo matapos ang krimen sa Taysan ay isa na namang sibilyan ang biniktima ng 59th IB. Sa tabing ng pekeng engkwentro, pinatay ng mga pasista si Maximino Digno, 52 taong gulang, sa Brgy. Cahil, Calaca. Huling nakita si Digno ng kanyang mga kapamilya noong umaga ng Hulyo 25 na papunta sa kanyang niyugan. Matapos ang ilang oras, nakarinig ng mga putok malapit sa lupain ni Digno.

Natagpuan na lamang ang labi ni Digno na tinabunan ng dahon ng saging noong Hulyo 26. Masahol pa, pinigilan ng mersenaryong militar ang mga kaanak na makita ang bangkay ng biktima.

Tinatakan ng 59th IB si Digno na "kasapi ng NPA" na nasawi sa umano sa isang lehitimong engkwentro. Hindi ito pinaniniwalaan lalo ng mga kababaryo ng biktima. Kilala nila si Digno na may kapansanan sa pag-iisip sapul pagkabata. Karaniwan siyang nakikitang may hawak na *pellet gun* sa tuwing pupunta ng parang para magtrabaho.

Sinisingil ng mamamayan ng TK at Melito Glor Command (MGC)-BHB TK ang AFP-PNP at rehimeng



Marcos II sa mga karumal-dumal na krimeng ito. Partikular na dapat usigin sina Brig. Gen. Jose Augusto Villareal, Brigade Commander ng 203rd IBde; mga opisyal ng 59th IBPA na sina Battalion Commander Lt. Col. Ernesto Teneza Jr., 2nd Lt. Dimaano, CMO Officer Christine Taro, Lt. Perine Dela Cruz Pangilinan, Sgt. Bajaro; at SOLCOM Chief Gen. Bartolome Bacarro.

Dagdag pa, dapat pagbayaran ng mga pasista ang iba pang paglabag sa karapatang tao at pag-aatake sa mga komunidad na saklaw ng mga FMO-RCSPO. Kabilang dito ang iligal na panghahalughog, pang-aaresto at interogasyon; pagtatanim ng ebidensya; tortyur; sapilitang pagpapalikas; pamimilit; pamemeke ng mga dokumento; at pagpapakalat ng disimpormasyon. Nagdudulot ito ng trauma at ligalig sa mga pamayanan.

Napag-alamang hindi nilulubayan ng 59th IB ang pamilya Casao at Digno sa Batangas. Pinagbabantaan din nila ang mga taumbaryo na huwag magsiwalat ng kanilang nalalaman. Ulat ng FFM, mistulang hinosteyds ng mga pasista ang ama ni Kyllene na si Tatay Benie na itinatago mula sa FFM tim.

"Hinihimok namin ang mga lingkod-bayan, mula sa sangguniang barangay hanggang sa mga pamprobinsyang opisyal ng LGU na huwag magpadala sa saywar ng AFP-PNP at manindigan para sa kanilang nasasakupang mamamayan. Dapat ilantad ang kapalaluan ng mga pasista at suportahan ang paghahanap ng katarungan ng mga biktima," ayon sa MGC-BHB TK.

*KILOS PROTESTA*



# Mamamayan ng TK, lumahok sa protesta laban sa unang SONA ni Marcos Jr.






***Itakwil ang ilehitimong rehimen.*** Dumaluyong ang protesta ng mamamayan sa buong bansa upang tutulan ang unang State of the Nation Address ng ilehitimong pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr.

Pinangunahan ng Bagong Alyansang Makabayan-Timog Katagalugan ang isang karaban na dinaluhan ng daan-daang aktibistang mula sa mga progresibong grupo sa rehiyon. Mula Hulyo 24, nagmartsa sila mula Crossing Calamba, Laguna tungong Quezon City.

***Kultura ng protesta.*** Sa gitna ng karaban, itinanghal ng mga makabayang artista sa Timog Katagalugan ang kanilang pagkundena sa ilehitimong rehimeng Marcos II. Naging entablado ng mga kultural na pagtatanghal ang Crossing Calamba sa Laguna, Konsulado ng China sa Makati, pambansang upisina ng Petron at iba pang lugar.




Hinihikayat ng ARMAS-TK ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan na lumikha ng iba't ibang sining hinggil sa ika-50 anibersaryo ng Batas Militar. Maaaring isumite ang mga kontribusyon sa pinakamalapit na yunit ng BHB o i-email sa dagundong.tk@gmail.com.

# 59th IB at PNP-CALABARZON, naghasik ng lagim sa Batangas

Walang pakundangang nilabag ng 59th IB at PNP-CALABARZON ang karapatan ng mga Batangueño sa nakaraang bugso ng *focused military operation* (FMO) mula Hunyo hanggang Hulyo. Sinaklaw nito ang mga bayan ng San Juan, Balayan, Nasugbu, Calaca, Lobo, Taysan at Rosario na pinararatangang "pugad ng BHB".

Noong Hulyo 2, ala-una ng madaling araw, higit sampung sasakyan—tatlong trak ng 59th IB at pitong sasakyan ng PNP—ang lumusob sa Sityo Sales, Brgy. Pook, Balayan. Iligal na humimpil ang mga pasista sa bahay ng mga residente at mga pampublikong pasilidad. Ininteroga nila ang mga sibilyan at isinailalim sa tortyur ang mga pinagsususpetsahang magsasaka't manggagawa.

Isang kaso ng tortyur sa sibilyan ang pagtutok ng baril sa hita ng isang magsasaka habang nasa interogasyon at pang-uuyam na "sasabog na ang bayag" nito. Binantaan din siya ng mga militar na papatayin ang kanyang pamilya kung hindi aamin.

Sa parehong barangay, ininteroga ang isang manggagawa sa baknutan (bodega ng asin) habang nakaluhod at nakalawit ang kanyang dila. Sa saywar sa kanya ng 59th IB, bubweltahan siya ng BHB dahil ipagkakalat nilang nagturo siya ng mga kasama.

Sa buong panahon ng FMO, naging patakaran ng mga pasista ang iligal na panghahalughog sa mga bahay, pagbabanta sa mga residente na huwag magsusumbong sa barangay, paninindak at pambubulabog sa mapayapang pamumuhay ng taumbaryo. Mayroon ding iligal na pagdedetine tulad ng nangyari sa isang grupo ng mga manggagawa sa baknutan. Pinaghinalaan silang tumutulong sa BHB dahil sa padron ng kanilang hanapbuhay na buong gabi ang trabaho at madaling araw umuuwi. Bukod sa epektong sikolohikal, perwisyo rin sa hanapbuhay ang kagyat na dulot ng presensya ng AFP-PNP sa mga nasabing bayan.




JUST IN | 59TH IBPA, ANG LEHITIMONG SINUNGALING!

Panibagong lehitimong kasinungalingan ang ipinalalaganap ng berdugo, mamamatay-tao at manlolokong 59th IBPA. Sila ang dapat managot sa pagkamatay nina Maximino Digno at Kyllene Casao, kapwa biktima ng gawa-gawang labanan ng AFP sa Batangas.

#59thInfantryProtectorOfLiesBattalion
#NotWelcomeInQuezonAndBatangas
#AFPTerorista

Ayon kay Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-ST, "Lapastangan pang idinawit ng 59th IB ang pangalan ng NPA sa kanilang teroristang pakana. Walang karapatan ang 59th IB na tawagin ang sarili nito bilang Protector Battalion gayong napakabangis nitong inaatake ang mamamayan. Dapat managot ang pasistang AFP-PNP at rehimeng Marcos II sa nagpapatuloy na malupit na kampanya ng panunupil sa ilalim ni Duterte." K








## Mga Mindoreño, nagprotesta laban sa matatagal na *brownout*

Nagmartsa ang mamamayan ng San Jose, Occidental Mindoro noong Hulyo 17 upang iprotesta ang krisis sa kuryente na dinaranas sa probinsya. Halos isandaang residenteng kasapi ng Samahan ng mga Consumers in Occidental Mindoro ang lumahok sa tatlong-oras na *solidarity walk* at maikling programa. Nagsuot ang mga nagprotesta ng itim na damit.

Layunin ng pagkilos na iprotesta ang krisis sa kuryente sa Occidental Mindoro kung saan nagkakaroon ng 12-14 oras na *intermittent power outage*. Kinundena ng mga konsyumer ang dalawang araw na kawalan ng kuryente noong magsara ang Occidental Mindoro Consolidated Power Corporation noong Hunyo 25. Apektado nito ang higit 80,000 residente. Noong Hulyo 15, nagdeklara na ng State of Power Crisis ang Sangguniang Panlalawagin ng probinsya.

Ayon sa mga nagrali, "Ito ay para kundenahin ang palpak na serbisyo ng mga *provider* at *distributor* ng kuryente sa probinsya. Gusto naming ipaabot ang aming hinaing sa deka-dekada nang palyadong serbisyo sa kuryente."

Kwento nila, mula Marso, dumaranas sila ng *rotational brownout* na tumatagal ng lima hanggang anim na oras kada araw. Bukod pa rito ang mas mahahabang *brownout* na walang pabatid.

Ani Ka Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng NDFP-Mindoro, "Ang kasalukuyang problema sa kuryente ng mga Mindoreño ay mauugat sa neoliberal na patakaran na masugid na ipinatutupad ng kasalukuyan at maging ng nagdaang mga rehimen sa bansa. Buu-buong nilunok ng mga ito ang reseta ng pribatisasyon, deregulasyon at liberalisasyon kung kaya itinuring na negosyo ang sektor ng enerhiya na isa sa mga susi at estratehikong industriya ng bansa. Kaya pinagpyestahan ng malalaking burgesya-kumprador at monopolyo-kapitalistang dayuhan ang produksyon, distribusyon, alokasyon at gamit ng kuryente kakutsaba ang mga burukrata-kapitalista sa reaksyunaryong gubyerno."

Dagdag ni Andal, pangunahing dapat managot ang nagdaang kriminal na rehimeng US-Duterte at ang dating kalihim ng Department of Energy na si Alfonso Cusi, isang Mindoreño, sa krisis sa kuryente sa isla.

Tinututulan din ng NDFP-Mindoro ang panukala na pagbaling sa karbon ng dating gobernador at mambabatas ng Oriental Mindoro na si Rodolfo Valencia para resolbahin ang krisis sa kuryente sa isla.

Ayon kay Andal, "Naniniwala ang rebolusyonaryong kilusan sa isla na pabor sa interes ng mamamayan ang pagsalig sa *renewable energy* para matugunan ang krisis sa kuryente dahil ito ay sustenable, ligtas para sa kalusugan at sa kapaligiran, mura at nag-aambag upang maampat ang pandaigdigang problema sa *climate change*. Anuman ang pagkunan ng kuryente, kailangang garantiyahan na hindi mapanalasa sa buhay, kabuhayan at kapaligiran ang anumang proyektong pang-enerhiya."

Nanawagan ang NDFP-Mindoro na buuin ang malapad na alyansa ng lahat ng mga konsyumer sa isla upang isulong ang maka-mamamayan, siyentipiko, at maka-kalikasang programa sa enerhiya.

KULTURA

## *Graduate* ng Pulang Paaralan

Grade 10 si Aileen, isang katutubo, nang ipataw ang *blended learning* dahil sa pandemya. Lalo siyang nahirapang matuto. Minsan ayaw na niyang magpasa ng modyul dahil hindi niya ito masagutan. Hindi siya matulungan ng kanyang mga magulang dahil hindi sila pamilyar sa laman ng mga modyul.

Isang araw isinama siya ng kanyang ama sa mga kasama. *First time* niyang makakilala ng Hukbo, bagamat alam niyang may Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa kanilang baryo.

"Ka Elias, kumusta ho? Mabuti naman at nakapasyal kayo sa amin!" magiliw na pagsalubong sa kanila ni Ka Mina, isang Pulang mandirigma. Napansin ni Mina na may dala silang *notebook* at mga modyul. "Ay kasama niyo pala ang anak niyo. Nag-aaral?"

Tumango si Ka Elias. "Magpapatulong sana kami at hirap na talaga siyang magsagot ng modyul."

Nakipagkamay si Ka Mina kay Aileen. "Kumusta? Ka Mina nga pala. Anong pangalan mo? Anong *grade* mo na?"

"Aileen po. Grade 10," sagot ng dalagita.

"Ah, patapos ka na ng Junior High! Anong *strand* ang kukunin mo pagdating sa Senior High?"

"STEM* po." sagot ni Aileen

"Aba, Ka Elias. Magkakaroon ka na ata ng doktor ah!" Biro ni Ka Mina.

Tumawa lang si Ka Elias. "Sana nga, Ka Mina! Unang doktor namin yan kung nagkataon!"

"Ay dito na lang natin pagradweytin! Marami rin kaming doktor dito!" Niyaya ni Ka Mina si Aileen. "Tamang-tama ang dating mo. Tara sa *school*?"

Nagtalakayan sila ni Ka Mina habang papunta ng *schoolhouse*. Ipinaliwanag ni Ka Mina kay Aileen na may programa ang BHB sa pagtuturo sa mga kabataan laluna nang ipatupad ang *blended learning*.

Kwento ni Aileen, "Hirap na ako sa pag-aaral noon dahil bihira umahon ang mga guro. Lalo ngayon sa modyul na walang nagtuturo. Mahirap din po mag-internet dahil mabagal. Tapos mahal pa ang *load* at *cellphone*."

"Naku, ganyan nga. Ang mga guro nahihirapan din dahil walang badyet. Naobliga silang gumastos mula sa sariling bulsa para sa pag-*internet* at pagse-*xerox*** ng modyul," tugon nin Ka Mina.

"Yung iba kong mga kaklase kung ano na lang ang maisagot. Hindi naman kami natututo sa modyul kasi walang nagpapaliwanag e," sabi ni Aileen.

"Wala talagang matututunan pag ganyan. Aasa na lang sa *internet* para sagutan ang modyul imbis na matutunan ang mga konsepto." Napailing lang si Ka Mina. "Hayaan mo, dito sa amin, mag-aaral tayo bago kayo sasagot ng modyul. Titiyakin naming bago kami umalis ay marami na kayong natutunan."

Napansin ni Aileen na marami palang kababaryo niya ang nasa *schoolhouse* at dala ang kanilang modyul. May tatlong grupo ng mga estudyante, may Grade 8, Grade 9 at si Ka Mina naman ang guro sa Grade 10.

Para kay Aileen, matitiyagang guro ang mga kasama. Pinasisimple nila ang aralin at isinasalin ang mga Ingles na termino sa Tagalog maging sa lokal na lenggwahe.

Payo ni Ka Mina, "Aileen, dapat intindihin mo ang prinsipyo at konsepto ng mga inaaral mo. Kapag nasapul mo, hindi mo na 'yun malilimutan."

Mula noon ay regular nang pumapasok si Aileen sa kampuhan kasama ang ibang kabataan. Dalawang beses sa isang linggo silang nagtitipon para mag-aral. Harapan ang mga klase at may mga pampulitikang aralin liban pa sa mga akademikong aralin. Nagturo ang mga kasama ng Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino. Nanonood din sila ng mga bidyo patungkol sa mga napapanahong isyu at may balitaan.

Paboritong *subject* ni Aileen ang Science. May panahong nagturo ang mga kasama ng siyensyang pangkalusugan kung saan ipinaliwanag ang *circulatory system* ng katawan. Natutuwa si Aileen na pag-aralan ang herbal na panggagamot at interesado siya sa paksang akupangtura. Nag*practicum* sila sa anyo ng serbisyong medikal sa kanilang mga kababaryo. Dito lalong napukaw ang interes niya na maging doktor. Tinuruan din silang mag-ehersisyo at ng *martial arts*.

Sa isang sesyon, nahirapan si Aileen na sagutan ang modyul sa Math. Gusto na niya itong pasagutan kay Ka Mina. Ngumiti lang ang kasama at umiling, "Kung ako ang sasagot niyan, ako ang matututo. Pero paano ka? Dapat ikaw ang magsagot. Kayang-kaya mo yan," marahang paliwanag ni Ka Mina, saka ito humugot ng papel at matiyagang ipinaulit-ulit sa kanya ang pagsasagot hanggang sa maintindihan niya ito.

Sa pagtuluy-tuloy ng Pulang Paaralan, nabuo ang balangay ng Kabataang Makabayan sa lugar nila Aileen. Isa sa programa nito ang pagtuturo sa kapwa nila kabataan. Isa na ngayon si Aileen sa mga nagtuturo sa mas mababang baitang.

Masasabi ni Aileen na mas marami siyang natutunan sa mga kasama kaysa sa *blended learning*. Sa kapehang inilunsad ng mga kasama, ipinagbunyi ang pagtatapos ng mga estudyante. Ipinagmalaki ni Ka Elias na grumadweyt ang kanyang anak sa Pulang paaralan ng BHB.

Sa mensahe ni Aileen sa mga Hukbong guro, "Maraming salamat mga kasama! Sa susunod, dito na rin ako gagradweyt ng pagdodoktor!" K

**STEM - Science, Technology, Engineering, Mathematics*

***xerox - photocopy*

